

21. Ama, panumbalikan mo nawa ang ekonomiya ng Eswatini, at igawad mo nawa ang iyong karunungan sa kanila na nasa kapangyarihan para magdesisyon. Magkaroon nawa ng mga trabaho para sa mga tao at probisyon para sa lahat. (Prov. 3:5-6)

22. O Diyos, palakasin mo nawa ang iyong iglesia sa Africa sa pagtatatag ng iyong kahariaan dito sa lupa. Pumarito nawa ang iyong paghahari; maganawap nawa ang iyong kalooban. (Matt. 6:10)

23. Dalangin namin ang mga matatanda na nasa quarantine sa panahon ng pandemya. Nawa ay hindi sila makalimutan sa halip ay mapalakas sa pamamagitan ng mga pagbisita mula sa kanilang mga pamilya at kaibigan. (Matt. 25:36)

24. Ama, katagpuin mo nawa ang mga pangangailangan nang mga nasa South Africa na tapat na nananalangin para sa iba at may debosyon sa iyo. (Ps. 23)

25. Idinadalagin namin ang Malawi, kung saan ang kanilang lupain ay nasira ng malalakas na mga pag-ulan. Sa paglapit sa iyo ng mga tao para sa tulong, pagkalooban mo nawa sila ng masisilungan at ikaw ang kanilang magsilbing ligtas na masisilungan. (Ps. 46:1)

26. Panginoon, marami sa mga lugar sa loob ng Zimbabwe ay kailangan ng restorasyon. Nawa ang mga lider ay lumapit sa iyo para sa pagpapanumbalik ng kanilang ekonomiya, edukasyon at kalagayang pagkalusugan. (Jer. 33:3)

27. Protektahan mo nawa ang mga bata at mga kabataan na kailangang bantayan ang kanilang mga sarili at bawat isa tuwing walang pasok habang ang kanilang mga magulang ay nasa trabaho. (Ps. 121:7)

28. Ang gawain ng TWR Women of Hope ay nahahadlangan sa ilang mga bansa sa Africa dahil sa hindi pagkakaintindihan. Nawa ang mga tao'y makapagusap ng malinaw at ng totoo sa bawat isa. (Col. 4:6)

29. Ama, pagkalooban mo nawa ng kalakasan ang mga African na mga kababaihan sa kanilang malnutrisyn, kawalang pinagalaran, trabaho, pagkamatay ng mga anak, kahirapan, kaharasan at salat sa pangangailangan. (Phil. 4:6)

30. Dalangin namin na maraming pamilya sa South Africa ay buksan ang kanilang tahanan para sa mga batang nasa ampunan sa panahon ng holiday upang walang batang mapagiwanan. (Matt. 25:35)

31. O Diyos, nawa ang mga Malawi na kababaihan na dala-dala ang estigma dulot ng HIV/AIDS ay makita at mapahalagahan bilang iyong mga anak na ayon sa iyong wangis. (Gen. 1:27)

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다



Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2022. 05.

Panalangin para sa South Africa

Ang Africa, ang pangalawang pinakamalaking kontinente sa planeta, ay kakaiba tulad ng Asya, kung saan ang iba't ibang kultura at mga tao ay parehong makikita. Mayroong 54 na mga bansa, humihigit-kumulang sa 3,000 tribo, at populasyon na 1.2 bilyong tao. Maraming mga mamamayan ang nakikibaka sa kawalan ng trabaho, kahirapan at pagbubuntis ng maaga. Ang mga kababaihan na nangangalaga sa kanilang pamilya ngayon panahon ng pandemya ay mas higit pang nakakaranas ng kahirapan. Ipanalangin natin ang mga kababaihan sa South Africa.

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Marami sa mga kababaihan at mga bata ang nawalan ng tahanan dulot ng mga bagyong tumama sa bansang Mozambique. O Diyos, ikaw nawa ang pagmulan ng kumpletong probisyon para sa kanila na nawalan ng lahat. (Ps. 46:1)
2. Ama, idinadalangin po namin ang mga may takot sa Diyos na pamunuan sa Zimbabwe – mga nasa parlamento, pulis militar, sundalo, pulis at nasa hukuman. Yakapin nawa nila ang iyong katuwiran at hustisya. (Ps. 119:1-2)
3. Ama, itinatag mo ang pag-aasawa bilang isang tipan sa pagitan ng lalaki at babae. Tulungan mo po nawa ang mga tao sa Madagascar na maunawaan ito at sa Iyo lumapit upang magkaroon ng pagkakaisa sa kanilang buhay bilang mag-asawa. (Gen. 2:24)
4. Sa paglapit sa Iyo ng mga miyembro ng grupong tagapanalangin ng TWR Women of Hope, dulutan mo nawa sila ng mga karunungan at pagkakataon na makapagsimula ng mga negosyo para masuportahan ang kanilang pamilya, simbahan at ang pag-unlad ng kanilang bansa. (Ps. 20:1-2)
5. O Diyos, isugo mo nawa ang iyong mga misyoneryo sa Lesotho para maghayag ng ebanghelyo at magsanay ng mga disipulo sa Iyong Salita. Lumaganap nawa ang pagbabago sa mga tao sa kanilang pananatili sa iyo at sa iyong nakapagbabagong katotohanan. (Ps. 96:3)
6. Panginoon, dalangin namin ang estabilidad ng pulitika sa Eswatini. Nawa ang mga tao doon ay lumakad sa iyong kapayapaan at ang kanilang mga lider ay lumapit sa iyo para sa iyong gabay. (Lev. 26:6)
7. Ama, sagipin at pagalingin mo nawa ang mga nakararanas ng pisikal na karahasan, seksuwal na pangaabuso, eksploytasyon at diskriminasyon. Unti-unti nawang baguhin nawa ng iyong ebanghelyo ang mga bawat buhay. (Ps. 12:5-8)

8. Panginoon, magkaloob ka nawa ng trabaho at pag-asa para sa mga South African na mga pamilya na nauwi sa kahirapan dahil sa pagsasara ng mga negosyo sa panahon ng pandemya. (Ps. 113:7)
9. Panginoon, kumilos ka po nawa sa mga puso ng mga tao sa Zimbabwe at magduloy ng kagalingan sa buong bansa, pagkakaisa, kapayapaan at hustisya sa kanilang bayan. (Ps. 127:1)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

10. Ama, nawa ang mga kalalakihan sa Malawi ay makasumpong ng lugar na mapagsasabihan nila ng kanilang mga paghihirap. Wakasan mo nawa ang sumpang ito sa mga lalaki na nagpapakamatay at iniiwan ang kanilang mga anak sa desperasyon. (Ps. 23:4)
11. Gawaran mo nawa ng biyaya at kapayapaan ang mga estudyante na nakararanas ng paghihirap sa kanilang mga pag-aaral at hindi palagiaang nakadadalo sa klase sa panahon ng pandemya. (Phil. 4:7)
12. Panginoon, protektahan mo nawa ang mga kababaihan sa Africa mula sa mga lalaking walang pakialam na nanghahawa sa kanila ng HIV/ADIS. Magdulot ka nawa ng emosyonal at pisikal na kagalingan sa kanila. (Exod. 15:26)
13. Ama, gisingin mo nawa ang iyong iglesya sa Eswatini, at maghatid ng pagbabago sa buong bansa. Nawa'y unahain ka ng mga mananampalataya sa kanilang mga buhay, at isabuhay ang paghahari ng Diyos ng una sa lahat ng bagay. (Matt. 5:16)

14. Panginoon, magdulot ka nawa ng kagalingan sa mga tao sa Africa. Marami ang mga galit dulot ng kanilang mga paghihirap sa kanilang mga nakaraan. Pagalingin mo nawa ang kanilang mga puso ng iyong katotohanan dulutan sila ng kapayapaan. (Ps. 30:10-11)
15. Panginoon, madalas ang mga kababaihan sa Lesotho ay hindi binigyang ng pagkilala. Tulungan mo nawa ang mga tao doon na makita ang halaga ng mga kababaihan, naising sila'y pangalagaan at bigyan ng pantay na mga pagkakataon sa kanilang mga buhay. (Gal. 3:28)
16. Panginoon, wakasan mo nawa ang pangangalakal sa mga bata sa Africa, sagipin at pagalingin ang mga batang napasailalim sa kasamaang ito. Hipuin mo nawa ang puso ng mga nang-aabuso sa mga batang ito. (Ps. 5:11)
17. Panginoon, ikaw na po ang bahala sa mga pamilya at pananalapi ng mga nagsisipagboluntaryo ng TWR Women of Hope sa South Africa. Nagpapasalamat kami sa kanilang magandang trabaho sa pagsasalin sa mga prayer caledar. (Ps. 121:8)
18. Panginoon, ang pataas ng mga presyo at kakulangan sa mga pangangailangan ay higit na mahirap para sa mga balo at ulila sa Malawi. Gabayan mo nawa ang kanilang lider sa kanilang pag-eestabilisa sa kanilang krisis sa ekonomiya. (Phil. 4:19)
19. Ama, panumbalikin mo nawa sa iyo ang mga puso at isip ng mga tao sa Zimbabwe. Ang iyong katotohanan, kapayapaan at hustisya nawa ang magbago sa mga tao at lipunan. (Ps. 20:7)
20. O Diyos, wakasan mo nawa ang pagkakagapos sa alkohol at iba pa na kung saan ang mga kalalakihan sa Adrica ay nalululong. Makasumpong nawa ng kumpletong kalayaan sa iyo at sundin ka bilang kanilang Panginoon. (Ps. 107:19-20)